Recology
Vallejo
WASTE ZERO

# Vallejo Waste Zero Ways

2025 PAMBALITANG PAHAYAGAN NG TAGSIBOL

## Cal Maritime ay nagpapatupad ng mga napapanatiling gawi

*Highlight ng Negosyo*

Ang California State University Maritime Academy ay kilala sa kahusayan sa akademya sa isang kapaligiran na pinagsasama ang pag-aaral sa lupa at sa dagat. Noong kalagitnaan ng 2024, humingi ang Cal Maritime ng tulong mula sa Recology Vallejo upang buhayin muli ang mga programa sa pagre-recycle at composting sa campus.

Bilang Environmental Health/Safety Manager at Director of Energy & Sustainability ng Cal Maritime, masigasig si Craig Dawson sa pagpapatupad ng mga sistemang madali at epektibo upang matulungan ang mahigit 1,000 mag-aaral at kawani na linangin ang mabubuti at makakalikasan na gawi.

"Para sa akin, ang mas pinahusay na pagre-recycle at composting ay isang mahusay na oportunidad upang mailihis ang mga bagay mula sa tambakan ng basura habang nakakatipid tayo sa gastusin sa pagtatapon," sabi niya. "Nakapagtaguyod ako ng momentum sa pamamagitan ng pagdagdag ng mga basurahan sa mga dormitoryo at iba pang gusali."

Mula 16, naibaba ng paaralan ang bilang ng mga cardboard-only bin sa 3, at pinalitan ang natitira ng mga mixed recycling bin. Ang mga tirang pagkain at mga papel na nadumihan ng pagkain ay inilalagay sa mga berdeng basurahan sa kusina at dining hall, habang ang mga pinagtabasan ng halaman ay hiwalay na kinokolekta sa buong campus.




Ang mga Recology Waste Zero Specialist na sina Ana Wong at Elizabeth Talbot ay regular na nakikipagpulong sa mga estudyante at guro upang turuan sila kung paano tamang paghiwa-hiwalayin ang mga itinatapon.




Ang mga lalagyan na nasa mga dormitoryo at iba pang gusali ay tumutulong upang manatiling hiwa-hiwalay ang mga itinatapon.

Bagamat hindi maaaring i-recycle ang mga plastic bag, ginagamit ang mga ito bilang panloob na lining sa mga asul na basurahan sa pasilyo para madaling mailipat ang laman sa mas malalaking lalagyan sa labas. Kapag malinis at tuyo ang mga bag, muling ginagamit ang mga ito. Kung hindi, inihihiwalay ang mga ito mula sa mga recycle stream at itinatapon sa tambakan ng basura. Ang mga lalagyan para sa e-waste/ baterya ay nangangahulugang ang mga potensyal na mapanganib na basura ay maayos na nahiwalay upang ma-recycle nang ligtas.

Ayon kay Dawson, ang mga sticker at signage na kahalintulad ng mga iniaalok ng Recology ay nakatutulong sa paglinang ng mabubuting gawi. Ang mga larawan sa mga label ay nagpapakita kung anong mga bagay ang dapat ilagay sa bawat basurahan, kaya't natutugunan nito ang anumang hadlang sa komunikasyon dulot ng iba't ibang wikang sinasalita sa campus.

Kailangan pang masanay, pero mahusay na nakakaangkop ang mga kawani at estudyante sa pinahusay na programa. Cal Maritime, saludo kami sa inyong dedikasyon sa tamang paghihiwalay ng basura! ■

**WALANG HIRAP SA PAGHIHIWALAY: ANG WHATBIN.COM AY ISANG MAHUSAY NA KASANGKAPAN UPANG WALANG ALINLANGAN MONG MALAMAN KUNG ALING BAGAY ANG DAPAT ILAGAY SA TAMANG BASURAHAN.**

Kung hindi ka sigurado kung saan ilalagay ang isang bagay, sasabihin sa iyo ng web page na ito ng Recology kung aling basurahan — asul para sa nire-recyle, berde para sa compost, o kulay-abong basurahan para sa tapunan ng basura — ang tamang paglalagyan.

Magbibigay din ito ng impormasyon kung ang bagay ay dapat isama sa bulky item collection o dalhin sa isang pasilidad.

# ALAM mo ba?

## ANG MGA TAKIP NG PLASTIK NA BOTE AY MAAARING I-RECYCLE!



Kapag wala nang laman ang bote, ibalik ang takip at ilagay sa iyong asul na basurahan.

Kailangang nakakabit ang takip sa bote upang ma-recycle ito kung hindi, nahuhulog ito sa mga sorting machine at nauuwi sa tambakan ng basura.

## ANG DUMI NG ALAGANG HAYOP AY NAPUPUNTA SA BASURAHANG PANGTAMBAKAN

Ang dumi ng ating mga pusa at aso ay maaaring maglaman ng mga mapanganib na parasito at bakterya.



Kapag na-flush sa kubeta o kinompost, maaaring mapunta ito sa ating mga daluyan ng tubig o sistema ng pagkain. At walang may gusto niyan.

Pakilagay ang dumi ng alagang hayop sa gray bin, kasama na ang kitty litter na maaaring may tatak na "flushable."

## ANG MGA COMPOSTABLE NA PLASTIK AY HINDI

Ang mga compostable na plastik ay ibinebenta bilang berdeng alternatibo sa karaniwang plastik.



Dapat ay nabubulok ito at nagiging compost. Gayunman, sa kasalukuyan ay wala pa tayong sapat na pasilidad para tuluyang mabulok ang mga ito.

Hindi rin ito maaaring i-recycle dahil hindi ito tunay na plastik at hindi dapat ihalo sa mga plastic recyclables. Pakilagay ito sa basurahang pangtambakan. Mas mabuting gumamit na lamang ng mga reusable na lalagyan at kubyertos.

## MGA KATOTOHANAN TUNGKOL SA TAMBAKAN NG BASURA

**Kapag ang basura ay napunta sa tambakan, wala nang pagbubukod-bukod na mangyayari.**

Ito ang dahilan kung bakit napakahalaga na ihiwalay ang mga nare-recycle, tirang pagkain at ibang mga compostable, at mapanganib na basura mula sa gray bin. May limitasyon ang kapasidad ng mga tambakan ng basura at kapag napuno, kailangan pang humanap ng bagong lugar para rito.

Ang pagtatapon ng mga nare-recycle sa tambakan ng basura ay pagsasayang ng maraming materyales na maaaring gamitin para sa mga panibagong produkto.

Ang pagtatapon ng mga tirang pagkain, mga pinutol na halaman, at iba pang mga compostable sa tambakan ay nagpapataas ng pagbuga ng mapaminsalang mga gas tulad ng methane.

Ang pagtatapon ng mga mapanganib na materyales tulad ng pintura, solvent, at baterya sa tambakan ay maaaring magdulot ng sunog at maglabas ng nakalalasong kemikal sa hangin.

Pagbukod-bukurin ang iyong mga itinatapon upang makuha ang buong benepisyo ng pagre-recycle at composting, at makatulong na mapangalagaan ang kapaligiran.

## BERDENGPANLILINLANG

**Ang greenwashing ay kapag nag-aanunsyo ang mga kompanya ng mga kanilang produkto na parang makakalikasan, pero hindi naman talaga**. Maaaring gawin ito gamit ang mga imahe, malabong wika, o mga pahayag na layunin sa negosyo na hindi naman natutupad.

Maaaring gumamit ang mga negosyo ng kulay berde, larawan ng mga halaman o puno, o ng mga salita na tulad ng "all-natural" upang makaakit sa mga mamimiling makakalikasan. Minsan, magsasagawa ng mga green practice o produkto ang isang kompanya upang pagtakpan ang mga hindi makakalikasang gawain sa kanilang operasyon.

Upang matulungan ang iyong negosyo na maging mas makakalikasan, makipag-ugnayan sa isang Recology Waste Zero specialist para sa impormasyon tungkol sa pagsusuri ng daloy ng basura, on-site na pagsasanay at presentasyon, at ang tamang sukat ng mga basurahan mo.

## MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN!

*Se Habla Español*
*Nagsasalita kami ng Tagalog*

Recology Vallejo American Canyon
2021 Broadway Street
Vallejo, CA 94589

707.552.3110 *Lunes hanggang Biyernes, 8 AM – 5 PM*
recology.com/vallejo
facebook.com/recologyvallejoamericancanyon